NEW MUSLIM ACADEMY

# ANG BABAENG KAMELYO NI SALIH

## ISANG KASAYSAYAN NG PANANAMPALATAYA AT BABALA MULA SA QUR'AN



Ang kuwento ni Salih at ng mahimalang kamelyong babae ay isa sa mga makapangyarihang salaysay ng Quran tungkol sa pananampalataya, pagsuway, at banal na katarungan. Hindi tulad ng ibang mga kuwentong kinikilala ng mga pamilyar sa Bibliya, ang kuwento ni Salih ay natatangi sa tradisyong Islamiko at nagbibigay ng malalalim na aral para sa mga mananampalataya. Nanawagan si Salih sa kanyang mga tao, ang Thamud, na sambahin ang Nag-iisang Tunay na Diyos, italaga ang kanilang sarili na tanging sa Kanya, at talikuran ang lahat ng mga diyos na gawa ng tao.



## ANG KAUGNAY NA KAHULUGAN NG KASAYSAYAN

Ang mga tao na mula sa Thamud ay isang makapangyarihang sinaunang tribong Arabo na nanirahan sa hilagang-kanlura ng Arabya, sa mga sinaunang ruta ng kalakalan. Ang kanilang mga tirahan, na inukit sa mabatong bundok, ay kilalang-kilala ng mga mangangalakal na Arabo. Sa panahon ng ekspedisyon patungong Tabuk, si Propeta Muhammad ﷺ at ang kanyang mga disipulo ay dumaan sa mga guho na ito. Sila ay kanyang inutusan na huwag pumasok sa mga guho ng nawasak na bansang ito at umiyak dahil sa takot sa parusa ng Allah na darating sa kanila tulad ng nangyari sa Thamud. Dapat pagnilayan ng mga mananampalataya ang kapalaran ng dating dakilang bansang ito at lahat ng iba pang mapanghimagsik na bansang winasak ng Allah.

Ang kanilang rehiyon ay tinatawag na Al-Hijr, na siyang pangalan sa kabanata #15 ng Qur'an. Ang mga taga Thamud ay pinagpala ng kasanayan sa arkitektura, pag-ukit ng mga bahay sa mga bundok, at nagtamasa ng kasaganaan sa pamamagitan ng agrikultura at kayamanan. Gayunpaman, sa kabila ng mga biyayang ito, sila ay bumaling sa idolatriya at sumamba sa mga huwad na diyos.

## ANG PANAWAGAN SA PANANAMPALATAYA

Si Salih, isang iginagalang At matuwid na tao mula sa kanila, nanawagan sa kanyang mga tao para sambahin lamang ang Allah at iwasan ang mga huwad na diyos. Kanyang sinabi, "O aking mga mamamayan! Sambahin ang Allah—wala kayong ibang Diyos maliban sa Allah. [7:73] at "Hindi ba ninyo kinatatakutan ang Allah?" [26:142]

Sila rin ay kanyang pinaalalahanan ng mga tulong sa kanila ng Allah sinasabing: "At alalahanin ng kayo ay Kanyang ginawang Khulafa [tagapaghalili ng lahi] pagkatapos ng [mga mamamayan ng] Aad at kayo ay pinamalagi sa kalupaan, kayo ay nagtayo para sa inyong mga sarili ng mga palasyo sa mga kapatagan [ng mga lupain] at nag-ukit ng mga bundok upang [inyong gawing] mga tahanan. Kaya alalahanin ang mga kagandahang-loob ng Allah at huwag kayong gumawa ng kaguluhan sa lupa, naghahasik ng katiwalian." [7:74]

Sila ay kanyang binalaan, "Kayo ba ay maiiwanan dito sa anumang naririto, na ligtas [mula sa kamatayan]? Sa mga hardin at mga bukal. At sa mga sakahang pananim [bukirin]at mga punong-datiles na may malambot na bunga. At kayo ay nag-uukit mula sa mga bundok [upang inyong gawing]mga bahay nang buong husay?" [26: 146-149].

## PAGTANGGI AT PAGMAMATAAS

Bagama't si Salih ay may hawak na posisyon na iginagalang sa komunidad noong una, ang kanyang panawagan upang sambahin lamang ang Allah ay ikinagalit ng maraming tao. Ang ilan ay naunawaan ang karunungan ng kanyang mga salita, nguni’t ang karamihan ng mga tao ay hindi naniwala at sinabi,

“O Salih, ikaw ay naging kasama namin bilang bagong pag-asa bago pa man [mangyari] ito. Kami ba ay iyong pinagbabawalan [ngayon] na sambahin kung ano ang [dating] sinamba ng aming mga ninuno? Tunay na kami ay nag-aagam-agam hinggil sa anumang ipinag-aanyaya mo sa amin.” [11:62]

Ligtas ang kanilang pakiramdam sa kanilang mga tirahan sa bundok, iniisip na ang taas at lakas ng mga bundok ang siyang magpapanatili sa kanilang kaligtasan. Kung walang sumasalakay na hukbo o puwersang likas ang makakalupig sa isang bundok, ano ang magagawa ni Salih?

## AMG HIMALA NG BABAENG KAMELYO

Nanatiling matatag si Salih at patuloy na ginagampanan ang kanyang tungkulin na anyayahan ang kanyang mga tao sa Allah. Inakusahan siya ng mga taga Thamud na isang sinungaling, at mas malala pa, isang salamangkero. Humingi sila ng isang palatandaan o himala upang patunayan ang kanyang pag-aangkin na siya nga ay Sugo ng Allah. Ang himalang iyon ay ang paglitaw ng isang babaeng kamelyo na lalabas mula sa isang bato. Hiniling ni Salih sa Allah na ipadala ang himalang ito para sa kanyang mga tao, umaasa na ang palatandaang ito ay sapat na para sila ay maniwala. Tumugon ang Allah at binigyan sila ng isang himala na higit sa karaniwan. "Katotohanan, Aming ipapadala sa kanila ang babaing kamelyo bilang pagsubok para sa kanila. Kaya, sila ay iyong subaybayan at matiisin. At ipagbigay-alam mo sa kanila na ang tubig ay ipamamahagi sa kanilang pagitan, bawa't[araw ng] pagpapainom ay pamalagiin [nang halinhinan."

Gayunpaman, ang himala ay mayroon ding pagsubok. Sinabihan sila na kailangan nilang ibahagi ang kanilang inuming tubig sa babaeng kamelyo. Isang araw, maaari silang uminom, at sa susunod na araw, ang babaeng kamelyo ay iinom nang mag-isa dahil iinumin nito ang lahat ng tubig. Gayunpaman, sa araw ng babaeng kamelyo, maaari silang uminom mula sa gatas nito, na magiging sapat para sa kanilang lahat.

## PAGSUWAY AT KRIMEN

Sa halip na magpasakop sa Allah at sumunod sa Kanyang Sugo, ang mga tao ay nagalit. Sila ay nagalit dahil sila ay dinidiktahan at kinailangan nilang magbahagi ng pagkain sa isang hayop. Nagsimula silang magplano laban kay Salih at sa babaeng kamelyo. Ang mga pinuno ng tribo ay humingi ng mga boluntaryo na papatay sa babaeng kamelyo at papatay kay Salih. Siyam na lalaki ang lumapit upang gawin ang krimeng ito.

Isinakatupan nila ang kanilang hakbang. Nang makalapit sila sa kamelyo, sila ay nag-alinlangan, dahil napakalaki ng kamelyo. Isa sa kanila – ang pinakamasama sa kanila – ay kinuha ang kanyang espada at tinamaan ang kamelyo sa harap ng mga binti nito, o sa buto ng binti. Natumba ang kamelyo at isa sa mga lalaki ang lumabas dala ang kanyang espada at pinilayan ito. "Itinakwil ng [mga Tribo ng] Thamud [ang kanilang Propeta] sa pamamagitan ng kanilang pagsuway. Nang ang pinakamasama sa kanila ay humayo [upang paslangin ang kamelyo]." [91:11-12]

Hiniling nila kay Salih, na dapat na niyang ipakita ang kaparusahan ng Allah, na siyang babala sa kanila kung sakaling saktan nila ang babaeng kamelyo. “Kaya kanilang nilumpo [at pagkaraa'y pinatay] ang babaeng kamelyo at walang pakundangang nilabag ang kautusan ng kanilang Panginoon, at sila ay nagsabi: ‘O Salih, dalhin mo sa amin ang anumang ipinangako mo sa amin kung tunay nga na ikaw ay isa sa mga Sugo [ng Allah].” [7:77]

Hindi lamang nila ito ginawa, sila ay bumalik at gumawa ng plano para patayin si Salih at ang kanyang buong pamilya. “ Nanumpa sila sa bawat isa - sila ay nagsabi: Kumuha ng pinagkaisang panunumpa sa [Ngalan ng] Allah na siya ay ating papatayin sa gabi, siya at ang kanyang mag-anak, at pagkaraan, ating sasabihin sa kanyang tagapangasiwa na: ‘Hindi namin nasaksihan ang pagkakapaslang sa kanya mag-anak, at tunay na kami ay makatotohanan.” [27:49]

## BANAL NA PAGHUHUKOM

Ibinigay ni Salih sa kanila ang hatol ng Allah. "Magpakasaya kayo sa inyong mga tahanan nang tatlong araw—yan ay pangako na walang kasinungalinga." [11:65] Pagkalipas ng tatlong araw, iniisip nila na sila ay ligtas, nguni't sa ika-apat na umaga, dumating ang parusa. "Nguni't sila ay hinablot ng isang as-sayhah sa kinaumagahan at lahat ng kanilang nagawa ay walang naitulong sa kanila." [15:83] Winasak sila ng Allah sa pamamagitan ng isang kakila-kilabot na sigaw; isang tinig na napakalakas na ito ay naging sanhi ng pagyanig ng lupa.

Ang mga mamamayan ng Thamud ay nawasak. "At yaong mga mapaggawa ng kamalian ay dinatnan ng isang as-sayhah, kaya sila ay nakahandusay [na walang buhay] sa loob ng kanilang mga tahanan. Na wari bang sila ay hindi kailanman nanagana [o namuhay ng maayos] doon. Walang alinlangan, ang mga mamamayan ng Thamud ay hindi naniwala sa kanilang Panginoon, kaya malayo [sa habag ng Allah] ang [Tribo ng ] Thamud." [11:67-68]

"Kaya, sila ay nagbalak ng isang balak, at Kami rin ay nagbalak ng isang balakin, habang siya ay walang kamalayan [hinggil dito]. Kaya, iyong tunghayan kung paano ang naging wakas ng kanilang [mga masasamang] balakin – na sila ay Aming pinuksa at ang kanilang mga mamamayan, [silang] lahat." [27:50-51]

## MGA ARAL MULA SA KASAYSAYAN

- **Pagtitiyaga sa Da'wah**
  Ang Sugo ng Allah, si Salih, ay walang kapagurang nag-anyaya sa kanyang mga tao para sambahin lamang ang Allah, ginamit ang parehong paghihikayat at babala. Hindi siya sumuko sa kanyang mga tao, kahit na siya ay kanilang kinutya at binantaan.

- **Pagninilay sa Nakaraang mga Nasyon**
  Ang matalinong tao ay natututo mula sa kapalaran ng masama at iniiwasan ang kanilang pamamaraan.

- **Ang Kapangyarihan ng Pananampalataya**
  Ang tunay na pananampalataya ay nagbubunsod ng lakas ng loob.

- **Karunungan sa Pakikipag-usap**
  Gumamit si Salih ng lohikal at maingat na argumento sa kanyang pangangaral.

- **Maling Paggamit ng mga Pagpapala**
  Ang mga banal na pagpapala, kapag mali ang paggamit, ay maaaring maging sumpa at parusa.

NewMuslimPH

newmuslimph

newmuslimPH

www.newmuslimacademy.ph

